# May Pera sa Gera

**Rolando M. Covero Jr.**
Department of Economics, Polytechnic University of the Philippines

## ABSTRACT

The article presents a different perspective on militarization and wars of aggression waged, historically and currently, by the United States of America against nations and peoples in South and South East Asia, Middle East, Europe, Africa, and Latin and South America. It zeroes in on the enormous money-making dimension of the US-mongered armed confrontations.

Also, the paper examines the role the US has played in fanning the flames of war among countries fighting for full-fledged independence and sovereignty. It exposes the real reasons why the US is so into these wars and who really benefits from its arms requirements amounting to billions of dollars.

Key words: armistice, rogue states, military industrial complex, preemptive strike

Saklot ngayon ng umiigting na tensyon ang relasyon ng Pilipinas at China kaugnay sa usapin ng pagmamay-ari at kontrol sa grupo ng mga isla sa South China Sea (tinatawag na West Philippine Sea). At hindi na lang ito sa pagitan ng China laban sa mga bansang Pilipinas, Vietnam, Malaysia, Brunei at Taiwan na pare-parehong umaangkin sa mga isla at karagatan sa nasabing lugar. Dawit na rin sa girian ang Japan na nakikipaggitgitan laban din sa China sa usapin naman ng pagmamay-ari sa mga isla ng Senkaku (Diaoyu para sa mga Tsino) sa East China Sea; at ang US na nagmamantine ng mga instalasyon at pasilidad militar sa halos lahat ng mga bansa sa rehiyon. Kamakailan, ideneploy sa Japan ng US Navy ang pinakamalaki nitong nuclear-powered aircraft carrier na USS Ronald Reagan, kabilang ang ilan pang barkong pandigma. Bahagi na ito ng pagpihit sa estratehiya at pokus ng US na ibase sa South at East China Seas ang 60% (mula sa dating 40%) ng kanyang makapangyarihang hukbong pandagat.

Samantala, isa pang katulad na girian ang muling umiigting sa Korean peninsula, sa pagitan ng dalawang bansang Korea, ang North at South. Matatandaan na noong kasagsagan ng 'Cold War' noong dekada 1950, sumiklab ang digmaan sa Korea. Pansamantalang natigil ang digmaan nang magkasundo sa isang *armistice* ang dalawang naglalabanang

panig noong 1953 na nagresulta sa pagkakahati ng Korea sa North at South. Pero noong Marso 13, 2013, pinawalang bisa ng North Korea ang 1953 armistice at nagdeklara itong nasa 'state of war' laban sa South. Ito ay makaraang magpalipad ang US ng dalawang B-2 nuclear-capable stealth bomber (eroplanong panggera na naghuhulog ng bombang nukleyar at hindi kayang ma-detect ng radar ng kalaban) sa Korean peninsula.

Bago nito, sunud-sunod na nagdeploy ang US ng mga barkong pandigma nito sa karagatan malapit sa North Korea bilang pagpaparamdam umano ng kahandaan nitong bumira ng 'preemptive strike' sakaling tuluyan nang sumiklab ang gera sa Korea. Bukod pa ito sa tinatayang 30,000 sundalong Amerikano na nakaistasyon sa 20 military bases at facilities sa South Korea. Mayroon ding 50,000 tropang US sa Japan na pinagbabasehan ng US Pacific Command.

Maraming eksperto sa international relations at diplomacy ang nagsasabi na ang umiigting na tensyon sa West Philipine Sea at Korean Peninsula ay isa lang sa pinakabagong pakana ng US para mang-upat o mang-udyok ng gera, una, laban sa North Korea na isa sa mga bansang tinatawag ng Amerika na 'rogue state' dahil sa ayaw nitong magpailalim o yumukod sa mga patakaran ng US; at ikalawa, laban sa China na nakikitang humahamon sa US supremacy sa Asya Pasipiko.

Kunsabagay, hindi na nakapagtataka ang kasalukuyang military muscle-flexing at pagpaparamdam-pwersa ng US sa naturang rehiyon. Mula pa noong katapusan ng ika-19 na siglo at lalu na pagkaraan ng World War I at II, ang US ay sangkot na sa mga kaguluhan at digmaang nagaganap sa iba't ibang bansa sa lahat ng panig ng mundo: Somalia, Yemen, Egypt, Libya sa Africa; Iran, Iraq, Syria, Lebanon, Palestine sa Middle East; China, Vietnam, Cambodia, Laos, Pakistan, Afghanistan, Indonesia, Pilipinas sa East at South Asia; Russia at mga bansa sa Eastern Europe; Mexico, Cuba, Haiti, Panama, Nicaragua, El Salvador, Venezuela, Colombia, Peru, Dominican Republic, Argentina at marami pang bansa sa Central at North America.

At sa pagsiklab ng mga gyerang ito, ang US ang pangunahing nakikinabang, siya ang lumalakas at yumayaman. Kaya naman siya ngayon ang nangungunang super power na tumatangan ng kapangyarihan sa daigdig. Kapangyarihang mula sa katas ng digma.

**'New Pacific Century' at 'Pax Americana'**

Ang United States of America ang pinakamilitaristang bansa at pinakamalaking suplayer ng armas sa buong mundo. Ang pagmamantine ng napakalaking imprastrukturang militar ng US at pangunguna ng lakas-militar nito ang pinagmumulan ng dominanteng kapangyarihan nito sa buong mundo.

Sa harap ng kasalukuyang dinaranas nitong krisis pang-ekonomya, lalo pang tumitindi ang militarismo ng US. Layunin nitong patatagin ang dominanteng katayuan nito sa iba't ibang panig ng mundo. Tahasang idineklara ng US kamakailan ang plano nitong palakasin ang presensya at pagpapakita ng lakas nito sa Asia Pacific. Inanunsyo na ng US na ipapakat sa rehiyon ang hanggang 60% ng mga barkong pandigma nito. Tahasang pang-uupat ito ng digma partikular sa mga karibal na bansang China at tinaguriang 'rogue state' na North Korea.

Noong 2012, naglaan ang US ng $1.3 trilyon para sa 'depensa'. Ito'y halos 40% ng taunang badyet nito para sa nasabing taon. Kabilang dito ang $673 bilyon para sa sandatahang lakas, $166 bilyon para sa mga proyektong militar ng ibang ahensya, $440 bilyong pambayad sa utang na mula pa noong nagdaang mga digma at iba pa. Tinatayang mas mataas pa rito ang aktwal na badyet sa pangkabuuang depensa, lalupa't halos 40% ng gastusin ng Pentagon (US Defense Department) ay inililingid sa publiko.

Ang US ang may pinakamarami at pinakamalawak na base militar. Mayroon itong 539,000 pasilidad sa 5,000 iba't ibang lugar sa loob at labas ng US. Wala pa rito ang mahigit 1,000 sikretong base at pasilidad na minamantine ng Pentagon sa mahigit 150 bansa. Kabilang dito ang mga cooperative security locations (CSL), mga imbakan ng gamit-militar at base sa komunikasyon na sikretong itinayo sa iba't ibang bansa, kabilang ang Pilipinas. Tinatayang umaabot sa $250 bilyon kada taon ang nagagastos sa pagpapatakbo ng mga baseng ito, at $100 bilyon para sa pagmamantine ng mga barkong pandigmang nagpapatrolya sa lahat ng mayor na karagatan sa mundo.

**Industriya ng Armas**

Ang industriya ng armas ang isa sa pinakamalaking negosyo sa US. Noong 2012, umabot sa $66 bilyon ang kinita ng US sa pagbebenta ng

armas, triple sa kinita nito noong 2010. Kalakhan ng mga armas ay ibinenta sa magkakatunggaling estado, tulad ng sa kaso sa India at Pakistan, at Israel at Egypt. Malaki rin ang naibenta nito sa Saudi Arabia, Oman at United Arab Emirates. Ang maramihang pagbili ng armas ng naturang mga bansa ay ibinunsod ng pang-uupat ng US ng gera laban sa Iran (habang sa kasalukuyan ay nagtutulungan naman ang US at Iran para armasan ang Iraqi Army laban sa panibagong teroristang grupong Isis o Islamic State of Iraq and Syria).

Ang sektor ng depensa and isa sa pinakamalalaking employer ng mga manggagawang Amerikano. Mahigit 1.6 milyong Amerikano ang tuwirang nasa ilalim ng US Department of Defense. Nasa 1.4 milyon ang direktang nagsisilbi sa iba't ibang sangay ng military, 73,000 sa National Guard at 208,000 bilang espesyal na reserba.

Samantala, umaabot sa 370,000 ang nagtatrabaho sa tatlong pinakamalalaking kumpanya sa depensa pa lamang: 123,000 sa Lockheed Martin, 174,000 sa Boeing, at 72,500 sa Northrop Grumman. Sangkatlo ng lahat ng mga syentista at inhinyero sa US ay nagtatrabaho sa sektor ng depensa. Tinatayang tataas ng 3% ang tantos ng disempleyo kung hindi nagsasagawa ng malawakang rekrutment ang militar ng US.

Sinusuhayan at pinalalaki ng gobyerno at mga dambuhalang kumpanya sa depensa o ng tinaguriang 'military-industrial complex' (MIC) ng US ang militarismo at pang-uupat nito ng digma.

**Sabwatan para Pagkakitaan ang Gera**

Mula pa noong dekada 1880 nagsimula ang malakihang produksyon ng armas para sa gera. Pero umusbong lamang ang natatanging 'kutsabahan' ng gobyerno at mga MIC para sa malakihan at malawakang produksyon ng armas para sa gera noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig nang palakasin at palakihin ng US ang sandatahang pwersa nito para sa ekspansyon sa Europe, Asia at Latin America.

Umusbong ang malalaking monopolyong kumpanya sa produksyong militar at sumanib sa burukratikong istruktura ng estado. Ang MIC ay produkto ng tuluy-tuloy na monopolisasyon ng produksyong militar. Ang paglala ng pangkalahatang krisis ng pandaigdigang ekonomya at kaakibat na pagtindi ng mga pagdidigmaan ng mga bansa ay nagtulak

ng pagtindi ng militarismo at pang-uupat ng mga gyerang pinagtutubuan ng mga kumpanya sa industriya ng armas.

Katuwang at tuwirang pinakikialaman ng mga kumpanya sa depensa ang pagbubuo ng patakaran sa depensa ng US. Ang mga dambuhalang kumpanya sa depensa ang may pinakamakapangyarihang boses sa pagpili ng mga opisyal sa depensa ng US. Tiyak na ang dambuhalang mga kontrata ay mapupunta sa mga kumpanyang ito sa pamamagitan ng direktang pakikipagnegosasyon o 'closed bidding'. Bilang gantimpala, marami sa mga dating opisyal sa depensa ng US ay pinauupo at nakakakuha ng mga susing posisyon sa mga board of directors ng malalaking kumpanyang ito.

Ang pagsasanib ng gobyerno at industriya sa depensa ay palatandaan ng sentral na papel ng gera sa diplomatic o foreign policy ng US. Nililikha ng 'alyansang' ito ang sitwasyon ng palagiang tensyon at gera. Ang sitwasyong ito ay nagbibigay daan sa pagpapalakas ng hegemonya ng US at nagpapalaki sa supertubo ng mga dambuhalang kumpanya.

**Suplayer ng Kamatayan**

Nitong nakaraang 30 taon, halos hindi nagbago ang pinakamalalaking kumpanya sa depensa ng US. Noong dekada 1980, nanguna sa listahan ang sampung pinakamalalaking kumpanyang General Dynamics, McDonnell Douglas, United Technologies, General Electric, Lockheed, Boeing, Hughes Aircraft, Rockwell International, Raytheon, Martin Marietta, Grumman at Northrop.

Sa 'gera kontra terorismo' ni Presidente George Bush Jr. noong 2001, naging dominante ang tinaguriang 'Big Five' na binubuo ng Boeing, Raytheon, Lockheed Martin, Northrop Grumman at General Dynamics. Ngayon, sa panahon ng 'New Pacific Century' sa ilalim ni Presidente Barack Obama, namamayagpag pa rin ang Lockheed Martin, Boeing, Northrop Grumman, General Dynamics, Raytheon, L-3 Communications at United Technologies.

Tulad ng ibang larangan ng industriya, tuluy-tuloy na nagsasanib at nabubuo ang mas malalaking monopolyo sa MIC. Nagsanib ang Lockheed at Martin noong 1995 habang binili ng Grumman ang Northrop noong 1994. Ang Rockwell International at McDonnell Douglas ay nilamon ng Boeing

noong 1996 at 1997. May ilang bahagi ng General Electric (ika-18 kumpanya sa kasalukuyang listahan) na binili ng Honeywell, kasalukuyang ika-15 pinakamalaking kumpanya. Ang L-3 Communications ay dibisyon ng Lockheed Martin.

Noong dekada 1980, umaabot pa sa 51 magkakahiwalay na dambuhalang kumpanya ang may mga operasyon sa loob ng MIC. Pagsapit ng 1997, bumagsak ito sa lima at naging apat pagdating ng 2001. Sa kasalukuyan, halos tatlo na lamang ang kumokopo sa pinakamalalaking kontrata sa depensa: Lockheed Martin, Northrop Grumman at Boeing.

Noong 2011, tinatayang umabot sa $143 bilyon ang pinagsamang kita ng tatlong kumpanya. Monopolisado ng mga kumpanyang ito ang mga kontrata ng pananaliksik at paggawa ng mga armas para sa US. Napakalalaking halaga ang mga kontratang ito.

Mula Enero hanggang Setyembre 2012, naglaan ang gobyerno ni Obama ng $245 trilyon para sa mga kontrata sa mga kumpanyang ito. Isa sa pinakamalalaki ang kontrata sa mga gumagawa ng barkong pandigma, tulad ng Huntington Inggalls, alinsunod sa direksyon ng US na itatag ang hegemonyang militar nito sa karagatan ng Asia Pacific.

Katumbas nito, monopolisado ng estado ng US ang mga benepisyo ng kanilang pananaliksik at pagbili ng pinakaabanteng armas sa pamilihan. Halimbawa, mahigit 75% ng mga armas na minamanupaktura ng mga kumpanya sa depensa tulad ng Lockheed Martin at Northrop Grumman ay direktang binibili ng Department of Defense at iba pang departamento ng US.

Sa laki ng mga kumpanyang ito, ang armas na ibinebenta nila sa ibang bansa ay sapat para monopolisahin ang internasyunal na pamilihan ng armas. Mahigit 60% ng mga naibentang armas sa buong mundo noong 2010 ay mula sa 44 na kumpanyang nakabase sa US. Pangunahin dito ang Lockheed Martin na nakapagbenta ng halagang $36 bilyong armas. Nakopo ng sampung pinakamalalaking kumpanya ang mahigit kalahati sa kabuuang benta na umaabot sa $230 bilyon. Kung isasama ang benta ng mga serbisyong militar, aabot sa $411 bilyon ang kita ng mga kumpanya sa depensa noong 2010. Ito ang maliwanag na 'katas ng digma'.

Kung matalinong pag-aaralan ang kasaysayan ng mga kontemporaryong gyera na sumaklot sa mga bansa sa daigdig nitong nakaraang ilampung dekada, anu't anuman ang kahantungan ng kasalukuyang girian ng mga bansang imbwelto sa agawang-teritoryo sa South at East China Seas, tiyak ang super ganansya ng mga dambuhalang kumpanya ng mapamuksang mga armas.

## REFERENCES


Corbett, Julian Stafford. Principles of Maritime Strategy.Annapolis: Naval Institute Press, Classics of Seapower Series, 1988.

"Creeping Assertiveness: China, the Philippines, and the South China Sea Dispute." Contemporary Southeast Asia, Vol. 21, no. 1, April 1999.

Cronin, Patrick M. and Robert D. Kaplan. Cooperation from Strength: U.S. Strategy and the South China Sea. Center for a New American Security, 2012.

Heydarian, Richard Javad. "Philippines on frontline of U.S.-China Rivalry." Asia Times, September 15, 2012.

Glaser, John. "U.S. Drone War Reaches Philippines: Some Filipino Representatives Have Objected to Encroaching U.S. Military Domination." Anti War.com, February 28, 2012. Goldstein, Lyle J. Five Dragons Stirring up the Sea: Challenge and Opportunity in China's Improving Maritime Enforcement Capabilities. U.S. Naval War College, China Maritime Study 5. April 2010.

Henkin, Louis. How Nations Behave.New York: Columbia University Press, 1979.

Herbert-Burns, Rupert, Sam Bateman and Peter Lehr (Eds). Lloyd's MIU Handbook of Maritime. Security. London and New York: CRC Press, 2009.

International Crisis Group. "Stirring up the South China Sea (I)." Asia Report 223, April 23, 2012.

International Institute for Strategic Studies. The Military Balance 2010. London: IISS, 2010.

Laude, Jaime. "Philippine Navy needs P500B to upgrade war capability." PhilStar.com. May 24, 2012.

Pazzibugan, Dona. "It's Final: High Court Says VFA is Legal." Philippine Inquirer, March 3, 2010.

Prabhakar, Lawrence W., Joshua H. Ho and Sam Bateman (Eds). The Evolving Maritime Balance of Power in the Asia Pacific: Maritime Doctrines and Nuclear Weapons at Sea. Singapore: World Scientific, 2006.

"Return to Relevance: The Philippine-U.S. Alliance." World Politics Review, July 09, 2013.

Symonds, Peter."US-Philippine Military Exercises Directed Against China."World Socialist Web Site. April 26, 2012.

"Territorial Disputes, Realpolitik, and Alliance Transformation: The Case of Twenty-First Century Philippine-U.S. Security Relations." Issues & Studies, March 2013.

Whaley, Floyd. "U.S. Seeks Expanded Role for Military in Philippines." The New York Times, July 12, 2013.